
بسم الله الرحمن الرحيم

**Sa Ngalan ng Allah,**
**Ang Mapagpala, Ang Mahabagin**



# ISANG ANYAYA TUNGO SA KAISAHAN NG PANGINOON

**Ang liham ni Imam Khomeini, ang Dakilang Pinuno ng Rebolusyong Islamiko at tagapagtatag ng Republikang Islamiko ng Iran, kay Mikhail Gorbachev, ang pinuno ng Unyong Sobyet**

***Ang Surian para sa Kompilasyon at Paglimbag ng mga Akda ni Imam Khomeini (Sangay ng Ugnayang Pandaigdig)***

خمینی، روح الله، رهبر انقلاب و بنیانگذار جمهوری اسلامی ایران، ۱۲۷۹ ـ ۱۳۶۸ . آوای توحید: نامهٔ امام خمینی سلام الله علیه به گورباچف و شرح نامه. فیلیپینی(ایسانگ انیایا تونگو...)/ تهران: مؤسسه تنظیم و نشر آثار امام خمینی(س). ۲۰۰۲م. = ۱۳۸۱ . ۳۷ص. : مصور ، عکس.

ISBN 964 - 335 - 509 - 8 : ۴۵۰۰ ریال

فهرستنویسی براساس اطلاعات فیپا.

فیلیپینی. ۱. خمینی، روح الله، رهبر انقلاب و بنیانگذار جمهوری اسلامی ایران، ۱۲۷۹ ـ ۱۳۶۸ ـ نظریه دربارهٔ کمونیسم. ۲. کمونیسم ـ مقالهها و خطابهها. ۳. گورباچف، میخائیل سرگی یویچ ، ۱۹۳۱م. ۴. خمینی، روح الله، رهبر انقلاب و بنیانگذار جمهوری اسلامی ایران، ۱۲۷۹ ـ ۱۳۶۸ ـ پیامها و سخنرانیها . الف. مؤسسه تنظیم و نشر آثار امام خمینی(س). امور بین‌الملل. ب. عنوان.

DSR ۱۵۷۴ /۵/ ک۸آ ۸۰۴۹۷۸ — ۹۵۵/۰۸۴۲۰۹۲

کتابخانه ملی ایران — ۲۸۲۸۲ ـ ۸۰ م

کد / م ۱۳۵۷

## Isang Anyaya Tungo sa Kaisahan ng Panginoon

Tagapaglimbag: Ang Surian para sa Kompilasyon at Paglimbag ng mga Akda ni Imam Khomeini, Sangay ng Ugnayang Pandaigdig

Traduktor: Mansoor L. Limba

Patnugot: Necitas P. Nazareno

Tagapagmakinilya: Leilali M. Amil

Unang Paglimbag: Taglamig **2002**

P.O. Box 19575/614, Tehran, Republikang Islamiko ng Iran

Tel: (009821) 2283138, 2294604

Fax: (009821) 2290478

E-mail: info@imam-khomeini.org

Website: http://www.imam-khomeini.org

Sirkulasyon: **1000**

Presyo: **4500 Rials**

کتاب "دعوت به توحید" به زبان فیلیپینی

## Ang Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Pambungad** | **1** |
| **Ang Liham ni Imam Khomeini kay Mikhail Gorbachev** | **3** |
| **Mga Larawan at Guhit** | **11** |
| **Mga Paliwanag** | **23** |
| **Talatuntunan ng Paliwanag** | **35** |
| **Talahuluganan** | **36** |

# Pambungad

Isang pagsusuri ng mga kaganapan sa buhay ni Imam Khomeini ay magpapatunay sa hindi maitatanggging bagay na ang Imam ay may taglay na makapropetang pagkatao na higit sa sinumang tanyag sa kasaysayang kontemporarya. Subalit, ang kanyang katauhan ay makikilala lamang sa pamamagitan ng lubos na pagsasaliksik sa Rebolusyong Islamiko na kanyang itinatag at ipinagwagi.

Nabibilang sa kanyang mga banal na gawain ay ang liham kay G. Mikhail Gorbachev na isinulat ng Imam sa huling yugto ng kanyang dakilang buhay. Ang liham ay isinulat sa panahon na kung kailan ang walong taong digmaang ipinagpilit sa Iran ay katatapos lamang at ang pabatirang pangmasa ng Kanluran at mga manunuring pampulitika ay nagbibigay kahulugan na ang pagsang-ayon ng Iran sa U.N. Resolusyon 598 ay isang epekto ng paghina ng konbiksiyon ng Iran. Ang mga sumasalungat sa Islam ay lubusang naghahangad na ang Rebolusyong Islamiko ay mananatiling sa Iran lamang at hindi magkakaroon ng anumang impluwensiya sa labas ng naturang bansa.

Sa loob ng mga kaganapang ito ang balita hinggil sa mensaheng ipinadala ni Imam Khomeini sa pinuno ng dating Unyong Sobyet ay nagbigay puna sa lahat ng mga bansa, lalung-lalo na ang mga pangulo at manunuring pampulitika. Ang delegasyon, sa pamumuno ng isang kataas-taasang dalubhasa sa relihiyon, Ayatullah Jawad Amoli, isa sa mga disipulo ng Imam, kasama ng Pangalawang Ministro ng Ugnayang Panlabas at kinatawang babae ng Parliamento, ay dumating sa Moskow noong Enero 7, 1989 at nakipagkita kay G. Gorbachev sa Palasyo ng Kremlin sa oras na ika-11 ng umaga ng sumunod na araw. Ang pakipagkita ay tumagal ng dalawang oras.

Ang kabuuan ng delegasyon at ang uri ng mensahe ay mas lalong nag-akit ng atensyon ng buong sangkatauhan sa Rebolusyong Islamiko at dakilang namumuno nito. Ang mga tagapamahala ng Sobyet, sa kalahatan at maging si G. Gorbachev ay nag-akala na ang mensahe ay maaring pangkaraniwan lamang maliban sa isang anyaya tungo sa paniniwala sa Nag-iisang Panginoon at sa wagas na Islam ni

Muhammad (sumakanya nawa at ng kanyang pamilya ang kapayapaan).

Bilang pagsunod sa tradisyon ng mga dakilang propeta, sinimulan ng Imam ang kanyang anyaya sa sentro ng lakas sa paniniwalang ang kanyang panawagan ay mailaganap sa buong mundo. Ang kasagutan ng mga tagapamahala ng Sobyet ay pampulitika subalit ang mensahe, dahilan sa ito ay lubos na nailaganap ng pabatirang pangmasa at binigyang kahulugan ng mga tagabalita, ay nagkamit ng epektong hinahangad. Sa loob ng Unyong Sobyet, ang liham ay ipinaglihim sa mga mamamayan, at bagaman ipinagbawal sa mga republikang Muslim na sakop nito, ngunit ito ay malugod na tinanggap ng mga kabataang Sobyet at nagbigay inspirasyon sa dati nang lumalagablab na pagnanais ng mga Muslim ng Unyong Sobyet sa Islam. Ang liham ay nagkaroon ng libu-libong kopya at palihim na ipinamahagi sa buong bahagi ng bansa.

Ngayon, pagkalipas ng ilang taon nang ang dakilang mensaheng ito ay inihandog, ang hula ng Imam tungkol sa pagbagsak ng Komunismo at mga hindi maiwasang pagbabago sa loob ng Unyong Sobyet ay natupad. Ang landas na itinuro ng Imam kay G. Gorbachev ay nagtataglay ng natatanging lunas sa mga suliraning dulot ng ideolohiyang Marksismo, at nagtataglay rin ng integrasyon ng kapangyarihang pampulitika at ang pananatili ng dignidad ng sambayanang Sobyet. Pinagbalaan ng Imam ang mga tagapamahalang Sobyet na huwag matukso ng taga-Kanluran at huwag kumagat sa bitag ni Satanas. Ngayon hindi ba natin minamalas ang katuparan ng dalawang babalang ito?

Ang makasaysayang liham ng Imam ay isang pagsisikap na mapalaganap ang Rebolusyong Islamiko, na walang pakay na makialam sa mga ugnayan ng ibang mga bansa, ngunit para lamang mabigyan ng kasagutan ang tanong ng mga nilalang na uhaw sa mga banal na katuruan, mga taong napilitang mamuhay sa loob ng pitumpong taon sa ilalim ng mga katuruang salungat sa kanilang pagkatao. Atin nawang pangarapin ang natatanging araw kung kailan ang mapanghalinang propaganda ng Kanluran ay hindi magtagumpay at ang mga taga-Kanluran ay magkaroon din sana ng panahong maunawaan ang batid ng dakilang mensahe ng Imam.

**Sangay ng Ugnayang Pandaigdig**

# Ang Liham ni Imam Khomeini kay Mikhail Gorbachev

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*

**Kagalang-galang na G. Gorbachev,[1]**
**Patnugot ng Panguluhan ng**
**Unyong Sobyet ng mga Republikang Sosyalista**

Isang malugod na pagnanais para sa kaligayahan at katiwasayan ng Inyong Kagalang-galang at ng sambayanang Unyong Sobyet.

Mula ng inyong pamamahala, mayroong impresyong nanaig na sa pagsusuri ng mga pangyayaring pulitikal ng mundo, lalung-lalo na yaong may kinalaman sa Unyong Sobyet, ang Inyong Kagalang-galang ay nasa bagong yugto ng muling pagsusuri, pagbabago at pakikipag-ugnayan; at ang inyong lakas-loob at kusa sa pakikiharap sa mga katotohanan sa mundo ay maaaring magdulot ng mga pagbabago na baka maging sanhi ng pagkabulabog ng balanse ng kapangyarihang nananaig sa mundo. Nang dahil dito, nararapat lamang na ipagbigay alam sa inyo ang ilang mga bagay-bagay.

Kahit na ipagpalagay natin na ang inyong bagong pamamaraan at mga desisyon ay ginagamit lamang bilang paraan ng paglutas ng krisis ng partido, at ng pagbigay-lunas sa ilan sa mga problemang kinakaharap ng inyong mga kababayan, ang inyong lakas-loob sa panibagong pagsusuri sa isang ideolohiyang sa loob ng ilang dekada ay gumapos sa rebolusyonaryong kabataan ng mundo sa loob ng kurtinang bakal nito, ay talagang kapuri-puri. Ngunit, kahit na ninanais

ninyo pang humakbang pasulong, ang unang bagay na titiyak ng inyong tagumpay ay ito:

Muling isaalang-alang ang mga patakaran ng inyong mga sinundang pamahalaan na pagbura sa (paniniwala sa) Panginoon at relihiyon mula sa lipunan,[2] isang patakaran na talagang nagdulot ng pinakamatinding hampas sa sambayanang Sobyet. Makakasiguro kayo na ito lamang ang natatanging paraan para harapin ang mga sandaigdigang suliranin sa makatotohanang paraan.

Siyempre maari ring dulot ng mga maling patakarang pangkabuhayan ng mga nakaraang tagapamahalang komunista, ang Kanluran na isang ilusyong paraiso ay magmumukhang kaakit-akit; subalit ang katotohanan ay ang kabaligtaran. Kung hinahangad ninyo, sa puntong ito, na putulin ang mga taling Gordian ng Sosyalismo at Komunismo sa pamamagitan ng hinging tulong mula sa sentro ng Kapitalismong Kanluran, hindi lamang sa malayong malulutas ang anuman sa mga suliranin ng inyong lipunan, kung hindi makakagawa kayo ng isang kamaliang tiyak na buburahin ng mga susunod sa inyo. Dahil, kung ang Marksismo man ay nagkamit ng kabiguan sa mga patakarang panlipunan at pangkabuhayan nito, ang kapitalismo ay hindi rin nagtagumpay sa mga yaon at sa iba pang mga aspeto bagama't sa naiibang paraan.

**Ginoong Gorbachev,**

Ang katotohanang pangyayari at kalagayan ay nararapat na harapin. Ang pangunahing suliraning kinakaharap ng inyong bansa ay hindi hinggil sa pribadong pagmamay-ari, kalayaan at ekonomiya; ang inyong suliranin ay ang kawalan ng tunay na paniniwala sa Panginoon, ang mismong suliraning humila o hihila sa Kanluran tungo sa bulgarismo at kagipitan. Ang inyong pangunahing suliranin ay ang matagalan at walang kabuluhang pakikidigma laban sa Panginoong Maykapal, ang pinagmulan ng mga nilalang at kalikasan.

**Ginoong Gorbachev,**

Malinaw para sa lahat na magmula ngayon ang komunismo ay matatagpuan lamang sa museo ng kasaysayang pampulitika ng mundo, sapagkat ang Marksismo ay hindi nakakapagkaloob ng alinman sa mga tunay na kailanganin ng sangkatauhan. Ang Marksismo ay isang ideolohiyang makamateryal at ito ay walang kakayahang iligtas ang

sandaigdigan sa mga krisis na dulot ng kawalan ng paniniwala sa kabanalan na siyang pangunahing suliranin ng lipunan ng sangkatauhan maging sa Silangan man o Kanluran.

**Ginoong Gorbachev,**

Marahil sa teorya hindi ninyo tinalikuran ang ilan sa mga aspeto ng Marksismo—at maaring sa mga panayam, pinapanatili ninyong binibigyang-diin ang taos-pusong katapatan dito—bagama't alam ninyo na sa katotohanan ay hindi ganoon. Ang pinuno ng Tsina[3] ang nagbigay ng pangunahing dagil sa komunismo at kayo ang may kagagawan ng pangalawa at tila kahulihulihang dagil. Sa kasalukuyang panahon, wala tayong tinatawag na komunismo sa mundo. Subalit, habang tinitibag ninyo ang mga dingding ng mga guniguning Marksismo, hinahangad kong tawagin ang inyong pansin na huwag magpabihag sa bilangguan ng Kanluran at ni Satanas.[4] Sana ay makamit ninyo ang karangalan ng paglinis ng dumi ng pitumpong taong kamalian ng komunismo sa pahina ng kasaysayan at ng inyong bansa. Ngayon, ang inyong mga kakampi na tapat na naglilingkod sa kanilang mga sariling bansa at kababayan, ay hindi na handang maghandog ng kanilang mga kayamanang pandagat at panlupa para sa pagpapanatili ng guniguning tagumpay ng komunismo, isang ideolohiya na ang ingay ng pagbagsak nito ay umaalingawngaw na sa mga tainga ng kanilang mga anak.

**Ginoong Gorbachev,**

Nang marinig ang tawag ng "Ang Allah ay Dakila" at ang pagsaksi sa pagkapropeta ng kahuli-huliang propeta, Muhammad (sumakanya nawa at ng kanyang pamilya ang kapayapaan) mula sa mga minarete ng mga maskita ng ilan sa inyong mga Republika pagkalipas ng pitumpong taon, lahat ng tagasunod ng tunay na Islam ni Muhammad ay hindi mapigilang lumuha dulot ng pagkalugod. Dahil dito, minamarapat kong paalalahanin kayong muling magsuri tungkol sa materyalistiko at makadiyos na pananaw ng mundo. Ayon sa mga materyalista ang damdamin ang natatanging panukatan ng dunong, at ang anumang bagay na hindi maiintindihan sa pamamagitan ng mga pandama ay hindi nabibilang sa sakop ng dunong. Kinikilala nila ang eksistensiya na nabibilang sa materya at ayon dito, anumang bagay na walang katawang materyal ay hindi umiiral. Sa di-maiwasang paraan,

pinapaniwalaan nila na ang daigdig na hindi nakikita—Ang Poong Maykapal, Banal na Rebelasyon, Pagkapropeta, at Ang Muling Pagkabuhay—ay isang kathang-isip lamang. Sa kabilang dako, ayon sa mga makadiyos, ang pandama at isipan ay ang mga panukatan ng dunong, at ang anumang bagay na maiintindihan sa pamamagitan ng isipan ay nabibilang sa dunong, bagama't yaon ay hindi nadarama o nakikita. Dahil dito, para sa mga makadiyos ang nilalang ay maaring walang katawang materyal. Sa gayong paraan na ang isang materyal na bagay ay nakasalalay sa isang bagay na inkorporiyal,[5] at ang pandamang sensorya ay nakasalalay sa pandamang rasyonal.[6]

Kinukondema ng Banal na Qur'an ang mga batayan ng Kaisipang Materyalistika at habang nakikitungo sa yaong mga nasasabing: "Hindi kami maniniwala sa iyo (O Muhammad) hanga't hindi mismo namin nakikita ang Panginoon,"[7] ay nagsasaad ng ganito: "Ang pangitain ay hindi makakaunawa sa Kanya at Siya ay nakakaunawa sa lahat ng pangitain; Siya Ang Bihasa, Ang May-Alam."[8] Hindi ko ninanais na ibahagi sa inyo ang mga katwiran ng Qur'an hinggil sa Banal na Rebelasyon, Pagkapropeta, at ang Muling Pangkabuhayan na ayon sa inyong pagkaunawa ay walang katiyakan. Sa makatuwid, ayaw kong gambalahin kayo sa mga kasalimuutan ng mga pangangatwirang pilosopikal, lalung-lalo na ng pilosopiyang Islamiko. Para sa akin, sapat nang ibahagi sa inyo ang isa o dalawang halimbawang simple at pang-andam na maging ang mga pulitiko ay makikinabang dito.

Masyadong malinaw na ang bagay, anupaman ang uri nito ay walang kaalaman sa sarili. Pagmasdan ninyo ang istatuwa: bawat bahagi ay walang kinalaman sa ibang bahagi, subalit ating batid na ang mga tao at hayop ay may kinalaman sa kanilang mga kapaligiran. Alam nila kung nasaan sila, at mayroon silang kinalaman sa mga pangyayari sa paligid. Dahil dito, nararapat lang na may elemento sa mga tao at hayop na humigit pa sa materya at hiwalay rito, na nabubuhay lampas sa buhay ng nilalang. Sa dahilang intrinsikal, ang tao ay naghahangad na makamit ang ganap na kasakdalan. Maging ayon sa inyong kaalaman, humahangad siya ng ganap na kapangyarihan sa mundo; hindi siya nakikibilang sa anumang kapangyarihang may kapintasan. Kung ang buong daigdig ay nasa ibabaw ng kanyang kapangyarihan, natural lang na magnanasa ring mapasakanya ang ibang daigdig oras na mabatid niya ito. Ang isang tao, bagama't masyadong magaling, oras na mag-aral ng iba pang

sangay ng kaalaman, natural lang na magnanais ding maging dalubhasa sa naturang sangay ng kaalaman. Dahil dito, nararapat lang na may Makapangyarihang Ganap at Dunong na Ganap na kung kanino ang tao ay nakasandal at umaasa. Ang hinahanap nating lahat na ito ay walang iba kundi Ang Panginoon, bagama't hindi natin ito batid. Ang tao ay naghahangad na makamit ang Katotohanang Ganap, nang sa gayon siya ay mapasa-Panginoon. Dahil dito, ang pagnanasa sa buhay na walang hanggan na natural sa bawat isa ay nagpapatunay sa isang Daigdig na Walang Hanggan na hindi nagugunaw.

Kung saka-sakaling ang Inyong Kagalang-galang ay nagnanais na magkaroon ng karagdagang kabatiran hinggil sa mga bagay na ito, maari ninyong ipag-utos sa inyong mga dalubhasang mananaliksik sa sangay na ito na pag-aralan hindi lang ang mga kasulatan ng mga pilosopiyang taga-Kanluran kundi maging ang mga aklat ng mga pilosopong peripatetikong[9] al-Farabi[10] at Ibn Sina,[11] sumakanila nawa ang kapayapaan. Sa ganoong paraan, magiging malinaw na ang batas ng kasanhian kung saan ang lahat ng kaalaman ay nakasandal ay isang batas na rasyonal at hindi nararamdaman o nakikita. Gayon din, ang pag-unawa sa batas at pangkalahatang konsepto kung saan ang lahat ng pangangatwiran at pag-iisip ay nakasalalay, ay nakakamit hindi sa pamamagitan ng karanasang sensorya kundi sa pamamagitan ng pangangatwirang rasyonal.[12] Ang inyong mga pantas ay maaring sumangguni sa teosopiyang Ishraqi[13] ni Suhrawardi,[14] at magpapaliwanag sa inyo na ang laman at maging alinmang materyal na bagay, ay nangangailangan ng Purong Liwanag na walang materyal na personalidad, (at magpapaliwanag din sa inyo) na ang pagsasaksi ng tao sa kanyang sariling katotohanan ay hindi nagaganap sa pamamagitan ng alinman sa mga sangkap na pandama.[15] Maaari ninyo ring ipag-utos sa inyong mga mananaliksik na alamin ang Pilosopiyang Transendental[16] ni Mulla Sadra[17] (pagpalaan nawa ni Allah at buhayin siyang muli kasama ng mga propeta at mabubuting-loob), nang sa gayon maging malinaw na ang kalikasan ng dunong ay naiiba sa uri ng bagay at ng kaisipan, na masyadong hiwalay sa bagay, ay hindi maaring takdaan ng mga batas na namamahala sa bagay.

Hindi ko ninanais na pagurin kayo sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga isinulat ng mga mistiko, lalung-lalo na ni Muhyi 'd-Din ibn al-'Arabi.[18] (Ngunit) kung hinahangad ninyong malaman mismo ang mga doktrina ng tanyag na mistikong ito, maaari ninyong ipadala ang ilan sa mga magaling ninyong mananaliksik na dalubhasa

sa bagay na ito, sa Qum[19] nang sa gayon, sa pamamagitan ng tiwala sa Panginoon, marahil masusulyapan nila, pagkalipas ng ilang taon, ang lalim ng masenang yugto ng gnosis[20] na imposible nilang makamit kung hindi nila gaganapin ang naturang paglalakbay (na ispirituwal).

**Ginoong Gorbachev,**

Pagkatapos kong banggitin ang mga suliraning ito at mga puntong pambungad, inaanyayahan ko kayong taimtim na pag-aralan ang Islam, hindi sa dahilan na ang Islam at mga Muslim ay nangangailangan sa inyo subalit sa dahilan na ang Islam ay nagtataglay ng karangal-rangal na mga pagpapahalagang pangkalahatan na makakapagbigay ginhawa at kaligtasan sa lahat ng mga bansa at makakalunas ng mga pangunahing suliranin ng sangkatauhan. Isang wastong pang-unawa sa Islam ay ganapang makakalutas ng problema ninyo sa Afghanistan[21] at iba pang katulad na suliranin. Para sa amin ang mga Muslim sa buong mundo ay katulad din ng mga Muslim sa aming sariling bansa at nakikiramay kami sa kanilang kapalaran.

Sa pamamagitan ng paghandog ng ilang kalayaan sa ilan sa inyong mga Republika hinggil sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa relihiyosong pananampalataya, nagpapahiwatig na hindi ninyo na itinuturing ang relihiyon bilang "opyum ng mamamayan."[22] Sa makatuwid, papaano magiging opyum ng mamamayan ang Islam, ang relihiyong naging sanhi ng makabundok na katatagan ng mga Iranian laban sa mga makapangyarihang bansa? Ang relihiyon bang naghahangad ng pag-iral ng katarungan sa mundo at ng kalayaan ng sangkatauhan sa materyal at espirituwal na mga pagkakagapos, ay opyum ng mamamayan? Ang tanging opyum ng mamamayan ay ang relihiyong naging sanhi ng pagpasakamay ng mga kayamanang materyal at espirituwal ng mga bansang Islamiko at di-Islamiko sa mga malaki at maliit na mga bansang makapangyarihan, at (ang relihiyon) na nagtuturong ang relihiyon ay walang kinalaman sa pamamalakad ng gobyerno. Ito ay hindi matatawag na tunay na relihiyon; kundi ito ang tinuturing ng aming mga kababayang "relihiyong maka-Amerikano."


Sa pagwawakas, walang alinlangan kong ipinapahayag na ang Republikang Islamiko ng Iran bilang pinakamagiting at pinakamalakas na himpilan ng sandaigdigang Islam, ay madali nitong magagampanan ang pagkukulang hinggil sa relihiyosong paniniwala sa inyong

lipunan. Sa anumang paraan ang aming bansa, katulad ng dati, ay gumagalang sa magandang pagkahangga at sa relasyong magkabilaan.


Ang kapayapaan ay sumakanila nawang sumusunod sa wastong patnubay.[23]

**Ruhullah al-Musawi al-Khomeini**


# Mga Larawan at Guhit




*"...isang ideolohiyang sa loob ng ilang dekada ay gumapos sa mga rebolusyonaryong kabataan ng mundo sa loob ng kurtinang bakal nito..."*



*"Kung hinahangad ninyo, sa puntong ito, na putulin ang mga taling Gordian ng Sosyalismo at Komunismo sa pamamagitan ng hinging tulong mula sa sentro ng Kapitalismong Kanluran, hindi lamang malayong malulutas ang anuman sa mga suliranin ng inyong lipunan, kung hindi makakagawa kayo ng isang kamaliang tiyak na buburahin ng mga susunod sa inyo."*




*"...Dahil, kung ang Marksismo man ay nagkamit ng kabiguan sa mga patakarang panlipunan at pangkabuhayan nito, ang kapitalismo ay hindi rin nagtagumpay sa mga yaon at sa iba pang mga aspeto bagama't sa naiibang paraan..."*




*"...Pagmasdan ninyo ang batong istatuwa; bawat bahagi ay walang kinalaman sa ibang bahagi. Subalit ating batid na ang mga tao at hayop ay may kinalaman sa kanilang mga kapaligiran..."*

*"...Ang pinuno ng Tsina ang nagbigay ng pangunahing dagil sa komunismo at kayo ang may kagagawan ng pangalawa at tila kahuli-hulihang dagil."*



*"...Magmula ngayon, ang komunismo ay matatagpuan lamang sa mga museo ng kasaysayang pampulitika ng mundo..."*





*Ang dingding ng Berlin ay bumagsak nang ang pamahalaang komunismo ay gumuho.*




*Ang Museong Lenin sa likuran, isang lalaking nakatayo sa Plasang Pula ng Moskow na may hawak ng kauna-unahang edisyon ng bagong* New York Times *sa wikang Ruso. Mabibili lamang sa mga pamahalaang gusali at mga malalaking gusali sa iba't ibang bahagi ng dating Unyong Sobyet, ang pahayagan ay may hangad na sirkulasyong 100,000 sa halagang 3 ruble bawat kopya.*



*Ang Kapulungan ng mga Kinatawan, ang kahuli-hulihang kuta ng mga tagasuporta ng komunismo ay nabawi ng mga hukbong pamahalaang Yeltsin sa pamamagitan ng mga malawakan at madugong pagsalakay.*



*Ang Pangulo ng Rusya, Boris Yeltsin (sa kanan) ay kumakaway, noong Hunyo 16, 1992, habang ang Pangulong George Bush ng Estados Unidos ay nakatingin sa isang serimonyang pagdating sa* White House. *Ang dalawang pangulo ay nangako ng pagtatatag ng isang makabagong pakikisama. (Hunyo 1992-* Washington*)*

# Mga Paliwanag

*1. Ipinanganak noong Marso 21, 1931 sa teritoryo ng Stavropol sa Timog Kanlurang Rusya S.F.S.R., si Mikhail Sergeyevich Gorbachev ay sumanib sa* Komsomol *(Liga ng mga Kabataang Komunista) noong 1946 at naging isang katangi-tanging miyembro nito. Siya ay naging kasapi ng Partidong Komunista noong taong 1952 at nahalal bilang miyembro ng Punong Lupon ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (CPSLL) sa taong 1971. Siya ay naging miyembrong pansamantala ng Politburo sa taong 1979 at naging isang ganap sa miyembro sa taong 1980. Ang patuloy niyang pagtaas sa kapangyarihan ay utang niya sa pagtangkilik ni Mikhail Suslov, ang pangunahing ideologo ng partido. Noong pamamahala ni Yury Andropov (1982-84) bilang pangkalahatang kalihim ng Partido Komunista, si Gorbachev ay naging isa sa mga pinaka-aktibo at tanyag na miyembro ng Politburo. Sa pagpanaw ni Andropov at pagiging pangkalahatang kalihim ni Konstantin Chernenko sa taong 1984, si Gorbachev ay naging malinaw na kahalili ni Chernenko. Si Chernenko ay pumanaw noong Marso 10, 1985, at sa sumunod na araw ang Poliburo ay naghalal kay Gorbachev, ang pinakabatang miyembro ng Politburo, bilang pangkalahatang kalihim ng CSPSU.*

*Sa kanyang pagkahalal kaagad-agad na ipinatupad ni Gorbachev ang mga patakarang sinimulan ni Andropov at maagang pinaretiro ang mas matandang henerasyon ng mga dogmatiko o walang kakayahang matataas na opisyales, at nagpatupad ng liberalisasyon at demokratisasyon ng partido at ng buong Unyong Sobyet. Matindi niyang binatikos ang mga patakaran ni Brezhnev na nagdulot ng kawalang unlad sa ekonomiyang Sobyet, at nagbunyag sa mga kalupitan ni Stalin sa paraang walang naunang katulad. Ang pamamahala ni Gorbachev bilang kataas-taasang pinuno ng Unyong Sobyet, na inilalarawan ng* Glasnost *at* Perestroika, *ay naghudyat ng panibagong yugto sa kasaysayan ng Marksismo, at ang pagbabago na ipinatupad ni Gorbachev ay ang pinakamahalagang pangyayari sa Kanluran sa huling kalahati ng ika-20 Siglo.*

*Sa kanyang talumpati noong Marso 25, 1981, binigkas ni Gorbachev ang mga maling patakaran ng mga tagapamahalang Komunista sa isang pangungusap: "Sa mga panahong lumipas, naging pabaya tayo sa isang bagay: ang likas na lapit-loob ng tao sa relihiyon."*

*2. Mula nang pag-usbong ng mga pamahalaang Komunista, ang pakikibaka na mabunot ang makarelihiyong paniniwala ay naging pangunahing hangarin ng mga pinunong Komunista. Ang walang humpay na pakikibakang ito ay may iba't ibang anyong sumasang-ayon sa mga pangyayari sa mga lipunang makarelihiyon. Nang magtagumpay ang Rebolusyon ng Rusya, ang pakikibakang ito ay nagkaroon ng basehang ideolohiya. Ayon sa mga kataga ni Lenin, para sa Marksismo, "ang lahat ng relihiyon at paturuang pangrelihiyon ay mga kasangkapan sa kamay ng mga mayayaman para pagsamantalahan ang mga walang ari-ariang proletaryat." Mula pa noong taong 1919, ang mga may kapangyarihan sa Rusya ay nagtalaga ng malawakang kampanya laban sa edukasyong pangrelihiyon at pagtupad ng mga patakarang administratibo katulad ng pagsasara ng mga maskita at simbahan.*

*Sa pananaw na ang Islam ay isang tirang bahagi ng yugto bago dumating ang sosyalismo, ang mga Marksista ay nagpatupad ng dalawang pangunahing paraan ng pakikilaban dito: ang pagbura sa Islam bilang elementong dayuhan sa senaryo ng pampublikong pamumuhay sa pamamagitan ng malinaw na paghamon nito, at ang paglagom ng Islam sa lipunang Rusya sa pamamagitan ng 'Rusyanisasyon' ng mga Muslim. Si Stalin na pinakamalupit sa lahat ng mga pinunong Komunista ay malawakang inapi ang mga Muslim sa pamamagitan ng kolektibong pagpapatapon ng mga iyon sa Siberya at Asya Menor. Ang kataka-takang dami ng mga pahayagang Rusya laban sa relihiyon na ipinamahagi sa mga bansang Islamiko ay bahagi ng pandaigdigang pakikibaka ng Pamahalaang Sobyet laban sa Islam. Ang pagsakop sa Afghanistan ay ang pinakahuling pagsisikap ng Unyong Sobyet na pasukin ang daigdigang Islamiko.*

*3. Ang mga patakaran ni Mao, ayon din sa kanyang bandang huling isinaad sa mga naunang taon ay, batay sa maraming bagay, sa "Panggagaya sa mga Sobyet." Ngunit madaling nagpatupad si Mao ng mga bagay-bagay na naging dahilan ng pagkaputol ng alyansang pampulitika at pang-ideolohiya nito at ng Moskow. Ang sanhi ng hindi pagkakaunawaan ay ang tinatawag ni Mao na "Pagtsina ng Marksismo"—ang pakikibagay nito hindi lamang sa mga kalagayan sa Tsina kundi maging sa mentalidad at mga tradisyong kultural ng mga mamamayang Tsino. Ito ay nabunyag sa Kampanyang Rektipikasyon ng taong 1952-53. Ang programang ito ay naghangad na mabigyan ng sapat na kaalaman ang mga bagong kasapi hinggil sa teoryang Marksismo at mga prinsipyo ni Lenin tungkol sa pag-oorganisa ng partido.Ngunit ang pangalawa at magkasinghalagang aspeto ng programa ay ang pagbura sa tinatawag ni Mao na "dayuhang dogmatismo;" sa ibang salita, ang pikit-matang panggagaya ng karanasang Sobyet at ang pagsunod*

*sa mga direktiba ng Sobyet. Nang yumaon si Stalin sa taong 1953, ang maka-ideolohiyang paghiwalay sa Sobyet ay naging publiko at hindi na muling naibalik. Sa hidwaang maka-ideolohiya na sumunod, inakusahan ni Mao ang mga Sobyet ng rebisyonismo. At sa kabilang dako, tinawag naman ng mga Sobyet si Mao bilang isang rebisyonista at patriotero.*

*Ang matatag na pakikitungo ni Mao sa kanyang bersiyon ng Marksismo sa isang dako, at ang kanyang matatag na paninindigan laban sa imperyalismo sa kabilang dako, ay naghiwalay sa kanyang mga kaalyadong Sobyet at maging sa mundong Kanluran. Ang mga kalagayang ito ang naging dahilan ng kanyang pagpahayag ng polisiyang "hayaang mamulaklak ang daang-daang bulalak"—na nangangahulugang kalayaan sa pagpapahayag ng ibat't ibang mga kaisipan—na may layuning iwasan ang pag-unlad sa Tsina ng isang malupit na pamamaraang politikal na kahalintulad ng nasa Unyong Sobyet noong panahon ni Stalin, at (may layunin ding) itaguyod ang kawilihan para sa ekonomiyang pag-unlad ng bansa. Ang iba pang mga hakbang katulad ng Malaking Hakbang na Pasulong, at ang Dakilang Rebolusyong Kultural ng Proletaryat na nangangatawan sa mga pagtatangka ni Mao na makamit ang mga layuning ito, ay nagdulot ng mga malawakang pagbabago at rebisyon sa ideolohiyang Marksismo.*

*4. Ang kataga ni Imam Khomeini na tumutukoy sa Pamahalaang Estados Unidos na nagbubunyag sa kayabangan at kalupitan nito. Ang naturang kataga ay unang ginamit ng Imam sa isang talumpating binigkas isang araw pagkatapos salakayin ang Embahada ng Estados Unidos sa Tehran.*

*5. Ang kaalamang pang-tao ay nakasalalay sa karanasan at pag-iisip. Ang karanasan ang nagbibigay ng 'dami' o materyal ng kaalaman; ang pag-iisip naman ang nagbibigay ng mga kinakailangan at di-nagkakamaling prinsipyo na sa pamamagitan nito nagiging abstrakto ang kalahatan at nag-aayos sa kasarian ng karanasan. Ang ibig sabihin nito ay, ang kaalamang tao ay nagsisimula sa karanasang sensorya na isang kaalaman sa kongkretong bukod. Ngunit ang karanasang sensorya ay nagbibigay lamang ng bukod na kaalaman at hindi kailanman ng kalahatan. Ang kaalamang pangkalahatan ay maaari lamang kung may pagtataglay ng mga kapangyarihang rasyonal. Nangangahulugan na ang pandamdam at pag-iisip ay dalawang kasangkapan na, bagama't magkaiba, ay nakapagdudulot ng mga wastong paghatol ng mga bagay-bagay, kapag ang mga ito ay magkasama.*

*6. Ang pagkakaroon ng pandama at mga bahaging pandama ay kinakailangan sa pag-unawa at sa pagkakaroon ng kaalaman sa mundong*

*panlabas. Ang mga bahaging pandama ang tumatanggap ng mga impresyon ng mga nararamdamang bagay at ibinabahagi ang mga ito bilang sangkap na hilaw sa kaisipan. Ang mga bahaging pandamdam din ang nakakapag-ulat ng pagkauna ng mga impresyon sa utak subalit wala sa kakayahan ng pandamdam na intindihin ang mga relasyon o di kaya ay magtatag ng mga ugnayan sa pagitan ng mga impresyong sensorya. Halimbawa, sa pamamagitan ng gawain ng mga bahaging pandamdam, nararamdaman natin ang epektong lunas ng gamot pagkatapos nating inumin ito at kung ang karanasang ito ay nauulit, nasasabi natin na "ang gamot ang nagbibigay lunas." Ang silohismong pahiwatig na kumakatawan sa kongklusyong ito ay binubuo ng premisa na "ang gamot bilang lunas ay hindi maaring aksidental." Ang ibig sabihin nito ay, sa mga silohismong pagtatalo kung halimbawa ang premisang menor ay nakamit sa pamamagitan ng mga bahaging pandamdam, ang premisang medyor ay nararapat lang na isang pangkalahatan at rasyonal na batas, nang sa gayon ang kongklusyon ay mararating. Nagpapahiwatig ito na ang kongklusyong mula sa mga impresyong sensorya ay nakasalalay sa kapangyarihang makatwiran ng kaisipan na kung wala ito ang kaalamang tao ay isa lamang nagkaipon-ipong impresyong sensoryang walang kinalaman sa bawat isa.*

*7. Tumutukoy sa Qur'an, 2:55: "At nang sabihin ninyo (O mga Hudeyo): 'O Moises, hindi kami naniniwala sa iyo hangga't hindi namin mismong makita ang Allah,' dahilan dito ang parusa ay napasainyo habang kayo ay nakatingin."*

*8. Tumutukoy sa Qur'an, 6:103. Ang paninging pisikal ng tao na gumagana lamang sa mga paraang makitid at nakakakita lamang ng mga katawang pisikal, ay hindi nakakaintindi ng Siyang Walang Hanggan. Ang bawat isa at bawat bagay ay nakikita Niya ngunit Siya ay hindi nakikita.*

*9. Isang uri ng pilosopiyang itinatag ni Aristotel at pinalawak ng kanyang mga disipulo. Sa gayong pangalan ito tinatawag dahil itinuro ito ni Aristotel habang siya ay naglalakad (naglalakbay). Ayon sa Pilosopiyang Peripatetiko makakamit ng tao ang katotohanan sa pamamagitan ng meditasyon at pangangatwiran kung sa paraang wasto niya papatnubayan ang kanyang pag-iisip. Karamihan sa mga pilosopong Muslim kabilang na sina al-Farabi at Ibn Sina (Avicenna) ay mga tagasunod ng uri ng pilosopiyang ito.*

*10. Bilang isa sa mga pangunahing pilosopo ng Islam, si al-Farabi ay ipinanganak sa Farab, matagpuan sa Jaxartes (Syr Darya), kilala bilang Ofrar ngayon. Magmula sa Baghdad, nag-aral siya kay Yohanna, isang Kristiyanong doktor na anak ni Hilan. Kabilang sa kanyang mga guro si Abu*

*Bishr Matta, kilala bilang isang mananalin ng mga kasulatang Griyego. Pagkatapos siya ay nagturo sa Aleppo, sa palasyo ni Saif ad-Dawlah, anak ni Hamdan, at nagkaroon ng retirong buhay sa ilalim ng kanyang pagkalinga, sa pagkukunwaring isang* Sufi. *Nang masakop ng prinsipeng ito ang Damaskus, isinama niya ang pilosopo roon kung saan si Farabi ay yumaon sa taong 339A.H./950 C.E.*

*Si Farabi ay may napakaraming naisulat ngunit marami sa kanyang mga kasulatan ay napakaagang nawala. Ang karamihan sa mga ito ay komentaryo o paliwanag ng mga pilosopiyang Griyego, lalung-lalo na ni Aristotel. Sumulat siya ng Pambungad sa Lohika, maikling Lohika, isang seryal ng mga komentaryo hinggil sa 'Isagoge ng Porphyry,' Ang Mga Kategoriya, 'Hermencia,' Una at Pangalawang Analitiko, Mga Paksa, Sopistiko, Retorika, at Mga Tulain. Ang kabuuan ay nagbubuo ng isang Organon na nahahati sa siyam na bahagi. Hinggil sa Pilosopiyang Moral, sumulat siya ng komentaryo ng Etikang Nicomachean; sa may kinalaman sa Pilosopiyang Pampulitika sumulat siya ng buod ng Mga Batas ni Plato, at sumulat siya ng isang maikling kasulatan tungkol sa 'Huwarang Lungsod.' Tungkol sa sikolohiya at metapisiks, marami siyang naisulat na may mga titulong 'Ang Katalinuhan at ang Nauunawaan,' 'Ang Kaluluwa,' 'Ang mga Sangay na Pag-uunawa ng Kaluluwa,' 'Ang Isa at ang Kaisahan,' 'Substansiya,' 'Panahon,' 'Ang Puwang,' at 'Ang Kalawakan at Sukat.' Mayroon din siyang komentaryo sa aklat na 'De Anima' ni Aleksander ng Aphrodisias. Sa paniniwalang ang pilosopiyang Griyego ay iisa, pinagsikapan niyang mapagkasundo si Plato at Aristotel; sa ganoong paniniwala, sumulat siya tungkol sa "Mga Layunin ni Plato at Aristotel" at "Ang Kasunduan sa Pagitan ni Plato at Aristotel." Tinalakay din niya ang ilang mga interpretasyon ni Aristotel ayon kay Galen at Juan Philoponus, at umakda ng "Interbensyon sa Pagitan ni Aristotel at Galen."*

*Sa larangan ng siyensiya, sumulat din si Farabi ng mga komentaryo sa 'Pisiks,' 'Meteorolohiya,' 'Ang mga Kalangitan,' at 'Ang Sandaigdigan' ni Aristotel, bukod sa komentayo ng 'Almagest' ni Ptolemy. Siya rin ang may akda ng kasulatang nagpapaliwanag ng ilang mga mahihirap na proposisyon mula sa "Mga Elemento ni Euclid." Naging interesado rin siya sa mahiwagang siyensiya at nag-iwan ng mga kasulatan sa Alchemy, Geomancy, Genii at mga panaginip.*

*Ang magiting na pilosopong ito ay isa ring magaling na musikero, isang kahangahangang kombinasyon. Sa larangang ito, isa siyang kompositor, virtuoso at teorista.*

*11. Si Abu 'Ali al-Husayn ibn 'Abdullah ibn Sina, o Avicenna, na tanyag bilang* al-Shaykh ar-Ra'is *o* Hujjat al-Haqq *sa kanyang mga kababayan, o simpleng* Shaykh *sa kanyang mga disipulo, at* Ang Prinsipe ng mga

Mangagamot ng mundong Silangan, *ay ipinanganak malampit sa Bukhara sa taong 370 A.H./980 C.E.. Nang si Ibn Sina ay limang taong gulang, siya at ang kanyang mag-anak ay lumipat sa lungsod ng Bukhara kung saan ang musmos na bata ay nagkaroon ng malaking pagkakataong mag-aral. Sa gulang na sampu naging dalubhasa na siya sa balarila, panitikan, at teolohiya, at maging ang buong Qur'an ay kanyang naisaulo. Nang ang tanyag sa matematika na si Abu 'Abdullah an-Nati ay dumating sa Bukhara, siya ay inanyayahang manuluyan sa tahanan nila Ibn Sina upang maturuan niya ito ng matematika. Sa ilalim ng kanyang pagtuturo natutunan ni Ibn Sina ang "Almygest," Ang "Mga Elemento ni Euclid," at ilang lohika; lahat ng yaon ay madaling natutunan niya higit pa sa kanyang guro. Nang naging dalubhasa sa matematika, nagsimula siyang mag-aral ng pisiks, metapisiks, at panggagamot. Sa gulang na labing anim, si Ibn Sina ay naging dalubhasa sa lahat ng siyensiya ng kanyang panahon at naging isang bantog na manggagamot. Sa sumunod na dalawang taon, salamat sa mga komentaryo ni al-Farabi, nagsimula rin niyang maintindihan ang metapisiks ni Aristotel na sa simula ay mukhang mahirap para sa kanya. Sa kabila ng bahagi o kabuuang pagkawala ng marami sa kanyang mga pangunahing isinulat katulad ng may dalawampung bahaging* Kitab al-Insaf *hinggil sa arbitrasyon sa pagitan ng Pilosopiyang Silangan at Kanluran at ang may sampung bahaging* Lisan al-'Arab, *mahigit dalawangdaan at limampung mga aklat at liham ni Ibn Sina ay nanatili. Kabilang dito ang may ilang bahagi ng* Kitab ash-Shifa *at* Al-Qanun fi 't-Tibb, *at mga kasulatang may mangilan-ngilang pahina lamang tulad ng* Risalat al-Fi'l wal Infi'al *at* Risalat fi Sirr al-Qadar.

*Ang kanyang mga akda ay maaaring mahati sa apat na magkakahiwalay na bahagi: ang pilosopikal, pangrelihiyon, kosmolohikal, at pisikal, at mga salaysay na simbolikal at metapisikal.*

*Ang* Kitab ash-Shifa *na isang napakakapal na ensiyiklopedyang pilosopikal at siyensiyal, ay marahil ang pinakamakapal na kasulatan ng naturang uri na isinulat ng nag-iisang tao. Ang* Al-Qanun fi 't-Tibb *ay ang nag-iisang pinakatanyag na aklat hinggil sa kasaysayan ng panggagamot maging sa Silangan man o sa Kanularan. Sa Kanluran ang aklat na ito ang natatanging batayan sa medisina sa loob ng maraming siglo at si Ibn Sina ay nagtamo ng malawakang katanyagan. Sa Silangan ang kanyang dominanteng impluwensya sa medisina, pilosopiya at teolohiya ay nanatili sa loob ng mahabang panahon at nananatiling buhay sa loob ng kapisanan ng kaisipikang Islamiko.*

*12. Sumangguni sa ikalimang paliwanag.*

*13. Isa sa mga pinakamahalagang sangay ng pilosopiyang Islamiko, ang Pilosopiyang Iluminasyon ay pinaghalong kaisipang Neoplatonika at Islam.*

*Ayon sa pilosopiyang ito, ang pinagmulan ng lahat ng mga bagay ay ang Ganap na Liwanag. Anumang bagay na nakikita ay hindi nangangailangan ng paliwanag, at walang hihigit pa sa nakikita kundi ang liwanag na ang mismong kalikasan nito ay binubuo ng palatandaan. Maari nating kilalanin ang dalawang iluminasyon ng Pangunahing Liwanag (ang ibig sabihin, mga moda ng eksistensiya): (1) puro, abstrakto, walang hugis; (2) aksidental, deribatibo, may hugis. Ang purong liwanag ay substansyang may kaalaman sa sarili (espiritu o kaluluwa), alam ang sarili sa pamamagitan ng sarili 'dahil ang anumang may kaalaman sa sarili ay nararapat lang na purong liwanag.' Ang aksidental na liwanag ay may kinalaman sa purong liwanag bilang epekto ng dahilan at may kalikasan lamang bilang isang anyo na may kinalaman sa bagay na nabigyang liwanag.*

*Ang aksidental na liwanag ay may dalawang uri: (a) madilim na substansya, (b) madilim na mga anyo; ang kombinasyon ng dalawang ito ay bumubuo ng isang katawang materyal. Dahilan sa ang kadiliman ay kawalan lamang ng liwanag at ang liwanag ay kahalintulad ng katunayan, ang substansya at mga anyo ng kalawakan ay binubuo ng iluminasyong kumalat mula sa Pangunahing Liwanag sa katindihang walang hanggan. Nangangahulugan lamang na ang bawat bagay ay sangkap ng katunayan na nauukol sa kislap na natatanggap nito at sa dahilan patungo roon, ito ay patuloy na sumusulong 'na may pagnanasa ng isang umiibig,' upang patuloy na makainom sa pangunahing talon ng Liwanag. Itong walang humpay na pagnanasa ang nagdudulot ng pag-ikot ng mga nilalang sa kalawakan, mga proseso ng kalikasan at lahat ng mga kilos ng tao. Bagaman ang buong kalawakan ay walang katapusan sa dahilang ito ay nagmumula sa Liwanag na Walang Hanggan ngunit nakasalalay kapag kikilanin bilang paksa ng kawalang liwanag, ilang mga iluminasyon ay simple, ang iba ay sangkap-sangkap at dahil dito, may mababang uri. Ang mga karunungan, kalawakan, kaluluwa ng mga kalangitan, panahon, kilos, at ang mga ehemplong uliran ng mga elemento ay kabilang sa mundong mataas ang antas, na matatawag na eterno salungat sa lahat ng nasa ibaba nito, bagaman ang ugnayang namamagitan ay hindi posteryoridad ngunit nagpapahiwatig ng paralelismo.*

*14. Isang pangunahing tao ng Iluminasyonistang Pangkat ng Pilosopiyang Islamiko, si Shihab ad-Din Yahya Suhrawardi ay isinilang sa Suhraward, malamit sa Zanjan, Iran sa taong 1155. Pagkatapos mag-aral sa Isfahan na isang pangunahing sentro ng Karunungang Islamiko, si Suhrawardi ay naglakbay sa loob ng Iran, Anatolya at Sirya. Sa impluwensiya ng mga katuruang mistikal, pinalipas niya ang maraming panahon sa pagmumunimuni at seklusyon, at sa Halab (Aleppo ngayon) nakuha niya ang loob ng namumuno roon na si Malik az-Zahir. Ngunit ang kanyang mga turo ay nag-ani ng pagsalungat ng mga dating dalubhasa sa relihiyon na silang*

*humikayat kay Malik na siya ay patayin sa taong 1191. Ang pangalang* al-Maqtul *(ang pinatay) ay nangangahulugang siya ay hindi binibilang na martir.*

*Si Suhrawardi ay napakaraming naisulat. Ang mahigit na limampung kasulatang sinasabing kanyang isinulat ay mahahati sa dalawang uri: mga kasulatang doktrinal at pilosopikal na naglalaman ng mga komentaryo ng mga akda ni Aristotel at Plato, at maging ang kanyang kontribusyon sa Iluminasyonistang Pangkat; at mga maikling kasulatan, sa kalahatan na isinulat sa wikang Persian at may uring esoteriko, ay may layuning ipakita ang mga landas at paglalakbay ng isang mistiko bago niya makamit ang* ma'rifah *(karunungang mistiko o esoteriko). Para sa maikling salaysay ng kanyang mga doktrina, sumangguni sa ika-13 paliwanag.*

*15. Ang karunungan ng tao ay may dalawang uri: paliwanag at intuwitibo. Hinggil sa una, itong uri ng karunungan ay natutunan sa pamamagitan ng tagapamagitan, pagkaunawa ng bagay, kongkreto man o abstrakto, na binubuo ng utak at natutunan sa pamamagitan ng rasyonal na pagtatalo o di kaya ay sa pamamagitan ng mga impresyong sensorya.*

*Ang karunungang intuwitibo ay ang kaagad na pag-unawa o pagkaalam ng mga bagay na walang tulong ng tagapamagitan. Malinaw na ang kaalaman ng tao hinggil sa kanyang sarili at sa kanyang mga pag-uugali ay nabibilang sa pangalawang uri at (malinaw rin) na ang pag-unawa ng tao hinggil sa mga kongkretong bukod ay nakasalalay sa kaalaman ng kanyang sarili.*

*16. Isang Sangay ng Pilosopiya na itinatag ni Mulla Sadra (sumangguni sa ika-17 paliwanag). Pagkalipas ng maraming siglo ng pag-unlad ng pilosopiya sa Islam, si Mulla Sadra ang nagbigay ng ganap na kaayusan at ugnayan sa mga suliraning pilosopikal sa unang pagkakataon. Isinaayos niya ang mga ito tulad ng mga suliraning matematiko at ipinagkasundo rin niya ang pilosopiya at mistisismo; sa ganoong paraan nagdulot ng maraming mahahalagang pag-unlad. Siya ay nagbigay sa pilosopiya ng mga panibagong pamamaraan ng pagtalakay at paglutas ng mga daan-daang problemang hindi nalulutas sa pamamagitan ng Pilosopiyang Peripatetiko. Ginawa niyang posible ang pagsusuri at solusyon ng isang hanay ng mga tanong pangmistiko na noong panahong iyon ay kinikilalang nabibilang sa larangang lampas sa kaisipan at hindi mauunawaan sa pamamagitan ng rasyonal na pag-iisip.*

*Sa pamamagitan ng mga pamamaraang kanyang binuo, nagtagumpay si Mulla Sadra na patunayan ang transubstansiyal na mosyon. Ang mga naunang pilosopong Muslim, dahilan sa pagsunod kay Aristotel, ay naniwala na ang mosyon ay posible lamang sa mga aksidente ng bagay, hindi sa*

*kanilang substansiya. Sa halip, ipinagdiin ni Mulla Sadra na kahit kailan ang isang bagay ay gumagalaw, ang substansiya nito ay may mosyon at hindi lang ang kanyang mga aksidente. Natuklasan din ni Mulla Sadra ang ugnayang malapit ng panahon sa tatlong dimensiyong lawig/tagal. Sa paraang katulad ng tatlong kahulugan sa modernong pisiks ng "ika-apat na dimensiyon" at kahawig ng mga pangkalahatang prinsipyo ng teoryang relatibidad. Nararapat na mabanggit na ibinatay ni Mulla Sadra ang kanyang mga katwirang pilosopikal sa purong pangangatwid, na walang tulong ng intuwisyon at iluminasyon, ngunit natuklasan niya na ang kaisipan ay nangangailangan ng iluminasyon at intuwisyon.*

*17. Si Mulla Sadra (sirka 1050/1640), tinatawag ding Sadr ad-Din Shirazi, ay isang pilosopong nangulo sa renasimyentong kultural ng Iran sa ika-17 siglo. Bilang pangunahing kumakatawan sa Pangkat ng Ishraqi ng mga pilosopong mistiko, siya ay karaniwang kinikilala ng mga Iranian bilang pinakamagiting na pilosopo ng Iran. Isang supling ng isang mag-anak sa Shiraz, si Mulla Sadra ay nagtapos ng kanyang edukasyon sa Isfahan na sa panahong yaon ay ang sentrong pangkultura at pangkaisipan ng Iran. Pagkatapos ng kanyang pag-aaral sa mga dalubhasa roon, sumulat siya ng mga maraming akda, ang pinakatanyag ay ang kanyang 'Asfar' (Mga Lakbay). Ang 'Asfar' ay naglalaman ng karamihan sa kanyang pilosopiya, na naimpluwensiyahan ng isang pansariling mistisismo sa hangganan ng asetisismong kanyang naranasan sa loob ng 15 taong pagretiro sa Kahak, isang nayong malapit sa Qum, Iran.*

*Sa huling yugto ng kanyang buhay, si Mulla Sadra ay bumalik sa Shiraz upang magturo. Subalit ang kanyang mga itinuro ay itinuring na kalapastangan sa relihiyon ng mga teologong ortodoksong Shi'ite na silang umusig sa kanya, bagaman ang impluwensiya ng kanyang pamilya ay nagpahintulot sa kanyang patuloy na pagsulat. Sumakabilang buhay siya sa isang peregrinasyon sa Mekka.*

*18. Si Muhyi 'd-Din ibn al-'Arabi, ang tanyag na mistikong Muslim na ang kanyang impluwensiya ay lumaganap sa buhay pangkaisipan at espirituwal ng halos buong mundong Islamiko, ay ipinanganak sa Murcia sa bahaging timog ng Espanya sa taong 1165. Ang malaking bahagi ng kanyang kabataan ay pinalipas sa Seville, kung saan siya nag-aral ng panitikan, teolohiya at mistisismo. Pagkatapos dumalaw sa Granada at ibang mga bayan ng Espanya, at maging sa Tunis, Fez, at Morokes, lumawas siya sa taong 1201 patungong Silangan sa daang Ehipto, kung kailan nagperegrino siya sa Mekka. Hindi na siya muling bumalik sa Espanya. Maraming taong nalalabi sa kanyang buhay ay kanyang pinalipas sa mga kalapitlugar ng Mekka, ngunit malawakan din siyang naglakbay sa Babilonya, Asya Menor*

*at Sirya kung saan siya ay nakakaaya ng mga disipulo at nagpapalaganap ng kanyang doktrina sa pamamagitan ng dialogo sa mga siyentipiko at pantas.*

*Kahit na ituring natin ang saklaw ng kanyang mga akdang teosopikal o ang impluwensiya nito sa mga sumunod na paglago ng mistisismong Islamiko, nararapat lang na angkinin ni Ibn al-'Arabi ang supremong posisyon sa pagitan ng mga may akdang Sufi, na iniuukol sa kanya ng kaapu-apuhan, at pinapatunayan ng kanyang titulong "Al-Shaykh al-Akbar" (Ang Pinakadakilang Shaykh) na iniuukol sa kanya ng halos lahat ng sinumang karapat-dapat na humatol. Ang talaan ng mga akdang mismo niyang isinulat ay naglalaman ng 289 pamagat, at ilan sa mga iyon ay talagang napakahaba. Ang pinakatanyag at pinakamahalaga ay ang "Futuhat al-Makkiya." Sa aklat na ito, at maging sa iba pang kanyang nilagdaan, si Ibn al-'Arabi ay nagpapahayag ng mga misteryong ipinahayag sa kanya, sa pangitaing kalugod-lugod, ng mga propeta, anghel, at ang mismong Panginoon. Isa pang aklat na mas manipis ngunit kasinghalaga ng una, ay ang "Fusus al-Hikam" kung saan tinalakay ng may akda ang uri at halaga ng mga Banal na Rebelasyong ipinahayag sa dalawampu't limang mga propeta, magmula kay Adan at nagtapos kay Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan).*

*19. Magmula ng ika-3 siglo A.H., ang Qum—ang lugar ng libingan ng Fatimah Ma'sumah, ang babaeng kapatid ng Imam Rida, ang ika-8 Imam mula sa Pamilya ng Propeta—ay naging sentro ng karunungan at peregrinasyon. Sa gitna ng ika-14 na siglo, ang kagalang-galang na pantas at* faqih, *Ayatullah Ha'iri ay nanirahan sa Qum at muling nagtatag ng institusyon ng katuruang pangrelihiyon. Paglipas ni Ayatullah Ha'iri ang mga pantas mula sa ibang mga lungsod ay nanirahan sa Qum at hindi nagtagal, ang Qum ay naging sentro ng karunungang panrelihiyon ng Iran. Sa kasalukuyan, libo-libong mga mag-aaral mula sa mga bansang Islamiko at di-Islamiko ay nag-aaral sa Qum. Ang mga nag-aaral, pagkatapos ng mga kursong pambungad at sang-ayon sa kanilang mga hilig ay nagsisimula sa iba't ibang sangay ng siyensiyang Islamiko kabilang na ang hurisprudensiya, komentaryo ng Qur'an,* usul *(ang mga prinsipyo ng relihiyon o teolohiyang dogmatiko), pilosopiya, mistisismo, kasaysayan, at narasyon ng Propeta.*

*20. Ang isang yugto ng gnosis, o 'maqam' ay isang espirituwal na yugto na pana-panahong naghuhudyat ng mahabang daang tinatahak ng mga mistikong Muslim (mga* sufi*) patungo sa pangitain ng, at pag-iisa sa, Panginoon. Ang* sufi *ay sumusulong sa pamamagitan ng kanyang sariling* mujahada *(pagsisikap o pagdidisiplina sa sarili) at sa pamamagitan ng*

*tulong at patnubay ng mga guro (mga* shaykh*). Sa bawat 'maqam' ang* sufi *ay nagsusumikap na mapadalisay niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng mga makamundong pagnanasa, at maihanda ang sarili sa pagkamit ng mas mataas pang yugtong espirituwal.*

*Ang ayos at bilang ng mga* maqam *ay hindi iisa sa lahat ng mga* sufi. *Ngunit ang karamihan ay nagkakasundo sa pitong pangunahing* maqam: *(1) ang* maqam *ng* tawbah *(pagsisisi), na hindi nangangahulugang pag-aalala ng mga kasalanan at hindi na muling paggawa ng mga ito kundi ang paglimot ng mga yaon kasama ang anumang bagay na nakakalinlang sa pagmamahal sa Panginoon; (2) ang* maqam *ng* wara *(takot sa Panginoon), na hindi nangangahulugang takot sa impiyerno ngunit ng takot sa walang hanggang paghihiwalay sa Panginoon; (3) ang* maqam *ng* zuhd *(pagtakwil o pagtiwalag) na nangangahulugang ang tao ay walang–walang ari-arian at ang kanyang puso ay walang pagnanasa sa mga iyon; (4) ang* maqam *ng* faqr *(kapulubihan) kung saan pinaninindigan niya ang kanyang kasarinlan mula sa mga makamundong ari-arian; (5) ang* maqam *ng* sabr *(pagtitiis), ang paraan ng katatagan; (6) ang* maqam *ng* tawakkul *(pagtitiwala o pagsuko), kung saan alam ng* sufi *na hindi manghihina ang kanyang kalooban nang dahil sa kahirapan at sakit, dahilan sa siya ay buong sumusuko sa kahilingan ng Panginoon at maligaya maging sa kanyang mga kalungkutan; (7) ang* maqam *ng* rida *(kaluguran), isang kalagayan ng lubos na kaluguran at kagalakang dulot ng pag-aasam sa minimithing pag-iisa (sa Panginoon).*

*21. Pagkalipas ng isang madugong kudetang Marksismo sa Afghanistan sa taong 1978, sinakop ng Unyong Sobyet ang Afghanistan noong Disyembre 27, 1979 upang magtatag ng isang maamong rehimen. Sa loob ng ilang buwan, 100,000 tropang Sobyet ay nanatili para sa isang matagalang digmaang atrisyon laban sa mga mandirigmang Muslim sa kalabundukan. Ang pagsalungat sa mga Sobyet ay madaling kumalat. Ang mga kalalakihan ay kinalap para lamang makatakas sa unang pagkakataon at ang hukbong Afghan ay humina mula sa kanyang lakas na 105,000 (sa taon 1978) naging 20,000-30,000 na lamang sa taong 1987. Dulot ng mapait na digmaang ito, napakaraming mga malalaking lungsod at lalawigan ang nasira at napakaraming mandirigmang Sobyet at Muslim ang nasawi. Ang patuloy na pakikibaka ay nagdulot ng isang hanay ng mga panandaliang pamahalaang itinaguyod ng Unyong Sobyet at (nagdulot din) ng mas malawakang kabulaanan ng Unyong Sobyet.*

*22. Tumutukoy sa bantog na pahayag ni Lenin: "Ang relihiyon ang opyum ng mamamayan."*

*23. Tumutukoy sa Qur'an 20:47. Ang bersong ito ay naglalaman ng malinaw na babala kay Pharaoh tungkol sa kanyang katapusan sakasakaling hindi siya tumalima. Si Moises at Aaron ay naatasang ipahayag ang mensaheng ito. Ang buong berso ay ito: "Dahil dito, magtungo sa kanya at sabihin: 'Sa katotohanan kaming dalawa ay mensahero ng iyong Panginoon. Dahil dito, ipagpaubaya mo sa amin ang Angkan ni Israel, at huwag mo silang apihin. Sa katotohanan nagdadala kami ng mensahe sa iyo mula sa iyong Panginoon, at ang kapayapaan ay sumakanila nawang sumusunod sa wastong patnubay'."*

# Talatuntunan ng Paliwanag

1. Talambuhay ni Mikhail Gorbachev
2. Ang patakaran ng mga sinundan ni Mikhail Gorbachev hinggil sa pagbura ng (paniniwala sa) Panginoon at relihiyon mula sa lipunan
3. Ang kauna-unahang dagil sa komunismo ng pinuno ng Tsina
4. Ang Satanas
5. Ang isang materyal na bagay ay nakasalalay sa isang hindi korporiyal na bagay.
6. Persepsiyong sensorya ay nakasalalay sa persepsiyong rasyonal.
7. Ang Qur'an, 2:55
8. Ang Qur'an, 6:103
9. Pilosopiyang Peripatetiko
10. Talambuhay ni Al-Farabi
11. Talambuhay ni Ibn Sina (Avicenna)
12. Ang persepsiyon ng mga pangkalahatang batas at konsepto kung saan nakasalalay ang lahat ng pag-iisip ay nakakamit hindi sa pamamagitan ng karanasang sensorya ngunit sa pamamagitan ng pangangatwirang rasyonal.
13. Pilosipiyang Iluminasyon
14. Talambuhay ni Suhrawardi
15. Ang pagsasaksi ng tao sa kanyang sariling katotohanan
16. Pilosopiyang Transendental
17. Talambuhay ni Mulla Sadra
18. Talambuhay ni Muhyi 'd-Din ibn al-'Arabi
19. Ang lungsod ng Qum
20. Mga yugto ng gnosis
21. Ang suliraning Afghanistan
22. Ang relihiyon ba ay ang opyum ng mamamayan?
23. Ang Qur'an, 20:47

# Talahuluganan ng mga Katawagang Teknikal na Ginamit sa Liham

**A**

| | |
|---|---|
| ang batas ng kasanhian | قانون علیت و معلولیت |
| ang di-nakikita | غیب |
| ang hayag | ظاهر |
| ang muling pagkabuhay | قیامت |

**B**

| | |
|---|---|
| Banal na Rebelasyon | وحی |
| bulgarismo | ابتذال |

**K**

| | |
|---|---|
| kaalamang gnosis | شناخت |
| Kintal ng mga Sugo | ختمی مرتبت |
| kurtinang bakal | حصار آهنین |

**E**

| | |
|---|---|
| espirituwal | معنوی |
| espirituwalidad | معنویت |

**H**

| | |
|---|---|
| hindi korporiyal | مجرد |

**I**

| | |
|---|---|
| intuwitibo | فطری |

**M**

| | |
|---|---|
| makadiyos na pananaw ng mundo | جهان‌بینی الهی |
| makatwiran | معقول |
| materyalismo | مادیت |
| materyalistiko | مادی |

| | |
|---|---|
| materyalistikong pananaw ng mundo | جهان‌بینی مادی |
| minarete | گلدسته |
| mga mistiko (mistiko) | عرفا (عا رف) |
| mga pangkalahatang batas | قوانین کلی |
| mga pangkalahatang konsepto | معانی کلی |
| mga yugto ng gnosis | منازل معرفت |

**N**

| | |
|---|---|
| nararamdaman/sensorya | محسوس |

**O**

| | |
|---|---|
| opyum | مخدر (افیون) |

**P**

| | |
|---|---|
| pagkapropeta | نبوت |
| pagmamay-ari | مالکیت |
| pagsaksi (andam) | ادر اک شهودی |
| Pilosopiyang Iluminasyon | حکمت اشراق |
| Pilosopiyang Peripatetiko | حکمت مشاء |
| Pilosopiyang Transendental | حکمت متعالیه |

**S**

| | |
|---|---|
| sa gawa | ثبو تا |
| sa teorya | اثبا تا |

**T**

| | |
|---|---|
| taling Gordian | گره کور |
| testimonya | شهادت |
| tiwala sa Panginoon | توکل |